



Queensland
Government

Consent (Filipino) - Panlahatang Pahintulot

Child/Young Person (under 18 years)

Facility:

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth:

Sex: M F I

A. May kakayahan ba ang pasyente?

Oo Bagama't ang pasyente ay isang bata/kabataan, siya ay may kakayahang magbigay ng may kaalamang pahintulot (informed consent) at mayroong hustong pag-iisip, pag-unawa at katalinuhan upang lubos na maintindihan ang klase, kakahinatnan at peligro ng iminungkahing 'procedure'/ gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon at ang mga kahihinatnan ng hindi paggamot - 'Gillick competence' (*Gillick v West Norfolk and Wisbech Area Health Authority [1986] AC 112*)

→ PUMUNTA SA seksyon B

Hindi Ang magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* na may karapatang pang-magulang at responsibilidad na magbigay ng pahintulot at kumpletuhin ang kasulatang ito

→ PUMUNTA SA seksyon A

*Mga pormal na pag-aayos, katulad ng mga kautusan sa pagiging magulang/pangangalaga, pag-aampon, o ibang pormal at kinikilalang kaayusan sa pangangalaga. Sumangguni sa Queensland Health 'Guide to Informed Decision-making in Health Care' at mga lokal na patakaran at pamamaraan. Kumpletuhin ang naaangkop na pinagmulan ng awtoridad sa pagpapasya sa ibaba:

Kung naaangkop, pinagmulan ng awtoridad sa pagpapasya (*i-tsek ang isa*):

Utos ng Korte → Pinatunayan ng Korte

Ligal na tagapag-alaga → Pinatunayang Dokumentasyon

Ibang tao* → Pinatunayang Dokumentasyon

Pangalan ng magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao*:

Relasyon sa bata/kabataan:

B. Kailangan ba ng interpreter?

Kung oo, ang interpreter ay:

nakapagbigay ng tiningnang salin ng kasulatang may kaalamang pahintulot (informed consent) sa personal

naisalin ang kaalamang pahintulot sa telepono

Pangalan ng interpreter :

Code ng interpreter : Wika:

C. Pasyente/Magulang/Ligal na Tagapag-alaga/ibang tao* hinihiling ang mga sumusunod na 'procedure'

Titulo ng 'Procedure':

Lugar/bahagi ng 'procedure':

Ito ba ay isang maselang procedure (intimate procedure)?

Oo (*kumpletuhin ang seksyon H tanong 2*) Hindi Sumangguni sa Medical Board of Australia guidelines 'Sekswal na Hangganan sa relasyon ng doktor at pasyente'.

D. Mga panganib na partikular sa pasyente na magkakaroon ng 'procedure'

(*Idodokumento ng doktor/clinician ang mga karagdagang peligro na hindi naisama sa information sheet ng pasyente*):

E. Mga panganib na partikular sa pasyente na hindi magkakaroon ng 'procedure'

(*Idodokumento ng doktor/clinician ang mga natukoy na panganib sa hindi pagkakaroon ng 'procedure'*):

DO NOT WRITE IN THIS BINDING MARGIN

CONSENT





**Queensland
Government**

Consent (Filipino) - Panlahatang Pahintulot

Child/Young Person (under 18 years)

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth:

Sex: M F I

F. Mapagpipiliang mga alternatibong gamutan

(Idodokumento ng doktor/clinician ang alternatibong gamutan na hindi naisama sa information sheet ng pasyente):

gamutan (halimbawa, para sa pagsasanay o layuning pananaliksik), ako ay hihingan na pumirma ng hiwalay na kasulatan para sa pahintulot. Kung sakaling hindi ako pumayag, hindi ito makakaapekto nang masama sa aking paggamit, kahihinatnan o karapatan sa gamutang medikal sa anumang paraan.

Ako ay nakapagtanong at nakapagsabi ng aking mga pag-aalala sa doktor/clinician.

Nauunawaan ko na mayroon akong karapatang magbago ng isip hinggil sa pahintulot sa anumang oras, kasama ang pagpirma ng kasulatan (*ito ay dapat may konsultasyon sa doktor/clinician*).

Ako/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ay tumanggap ng sumusunod na pahintulot at mga information sheet ng pasyente:

Titulo ng 'Procedure':

"Tungkol sa anestisyang iyong anak"

"Sariwang dugo at pagsalin ng mga produkto ng dugo"

Base sa mga pahayag sa itaas,

1) Ako/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ay nagbibigay ng pahintulot na magkaroon ng 'procedure'.

Pangalan ng pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao*:

Lagda:

Petsa:

Wala akong kaalaman sa anumang ligal o ibang dahilan na pipigil sa aking magbigay ng malayang pahintulot para sa bata/kabataang ito para sa gamutang ito (*hindi naaangkop kung ang bata ay may kakayahang Gillick at kayang pirmahan ang kasulatang ito*).

2) Eksaminasyon ng mag-aaral/'procedure' para sa layuning propesyonal na pagsasanay:

Para sa layuning pumailalim sa pagsasanay, ang klinikal na mga mag-aaral ay maaaring magmasid sa medikal na eksaminasyon o 'procedure' at maaari rin, ayon sa pahintulot ng pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* na tumulong sa pagsasagawa ng eksaminasyon o 'procedure' sa pasyente habang sya ay nasa ilalim ng anestisyang.

Ako/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ay nagbibigay pahintulot sa mga mag-aaral na nagsasanay na:

• magmasid ng mga eksaminasyon/ mga 'procedure' Oo Hindi

• tumulong sa mga eksaminasyon/ mga 'procedure' Oo Hindi

• magsagawa ng mga eksaminasyon/ 'procedure' Oo Hindi

G. Impormasyon para sa doctor/clinician

Ang impormasyon na nasa kasulatang pahintulot ay hindi inilaan upang maging pamalit para sa diretsong pag-uusap sa pagitan ng doktor/clinician at ng pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao*.

Ipinaliwanag ko sa pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ang mga nilalaman ng kasulatang ito at sa aking palagay ay naintindihan ang impormasyon.

Pangalan ng doktor/clinician:

Titulo:

Lagda:

Petsa:

H. Pahintulot ng pasyente/ magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao*

Aking kinikilala na naipaliwanag ng doktor/clinician:

- ang 'procedure' information sheet ng pasyente
- aking/ang medikal na kondisyon ng bata at iminungkahing gamutan, kasama ang posibilidad ng karagdagang gamutan
- mga tiyak na peligro at benepisyong 'procedure'
- ang pagbabala, at mga peligro ng hindi pagkakaroon ng 'procedure'
- mapagpipiliang mga alternatibong gamutan
- na walang garantiya na mapapabuti ng 'procedure' ang medikal na kondisyon
- na ang 'procedure' ay kapapalooban ng pagsasalin ng dugo
- na maaaring may mga tisyu/dugo na tatanggalin at gagamitin sa pagsusuri pamamahala ng kondisyon
- na kung may mangyaring kagyat na banta sa buhay habang isinasagawa ang procedure/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon, ibibigay ang pangangalagang ayon sa mabuting praktis pang-klinika at para sa pinakamabuting interes ng bata
- na ang doktor/clinician liban sa consultant/espeyalista ay maaaring tumulong/magsagawa ng tamang klinikal na procedure/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon: ito ay maaari ring samahan ng doktor/clinician na sumasailalim ng karagdagang pagsasanay sa ilalim ng pangangasiwa
- na kung gugustuhin ng doktor/clinician na mag-rekord ng video, tunog, o imahen habang isinasagawa ang 'procedure' kung saan hindi kasama ang pagrekord bilang parte ng

Consent (Filipino) - Panlahatang Pahintulot

Bata/Kabataan (18 taong gulang pababa) | May kaalamang pahintulot: impormasyon sa pasyente

Isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* upang maingat na mabasa at mabigyan ng panahon na makapagtanong tungkol sa procedure. Ang kasulatang pahintulot at information sheet ng pasyente ay dapat na kasama sa medikal na rekord ng pasyente.



1. Ano ang 'procedure' at paano ito makakatulong sa akin/sa pasyente?



2. Ano ang mga peligro?

Mayroong mga peligro at kumplikasyon ang procedure na ito. Maaaring mayroon ding mga peligro partikular sa bawat kundisyon at mga pangyayari sa bawat tao. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician upang makasigurado na nakasulat ang mga ito sa kasulatang pahintulot bago mo ito pirmahan. Ang mga kasamang mga peligro ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

Ang karaniwang mga peligro at kumplikasyon (*nauugnay na mga peligro sa procedure*)

- ang mga impeksyon ay maaaring maganap, na mangangailangan ng antibiotics at karagdagang gamutan
- ang pagdurugo ay maaaring maganap at maaaring mangailangan na ibalik sa operating room. Ang pagdurugo ay maaari ding humantong sa pangangailang magsalin ng dugo
- may ilang karamdaman at mga gamot, kasama ang mga pantulong na gamot, ang may kakayahang maapektuhan ang pamumuo ng dugo. Ang listahan ng mga karaniwang

apektadong gamot ay matatagpuan dito www.health.qld.gov.au/consent/bloodthinner

- ang maliliit na bahagi sa baga ay maaaring bumigay, na maaaring makapagpataas ng peligro sa impeksyon sa dibdib. Ito ay maaaring mangailangan ng antibiotics at physiotherapy
- karagdagang peligro ng impeksyon ng sugat, impeksyon sa dibdib, komplikasyon sa puso at baga, at pamumuo ng dugo sa binti o baga para sa mga taong sobrang taba at/o naninigarilyo.

(nauugnay na mga peligro sa procedure)

Di karaniwang mga peligro at mga komplikasyon

(nauugnay na mga peligro sa procedure)

- ang atake sa puso o stroke ay maaaring mangyari dahil sa puwersa sa puso
- pamumuo ng dugo sa binti na magiging sanhi ng pananakit at pamamaga. Sa madalang na mga kaso, ang bahagi ng pamumuo ay maaaring humiwalay at pumunta sa baga
- ang pagkamatay bilang resulta ng 'procedure' na ito ay madalang.

Anestisya

Ang 'procedure':

- ay mangangailangan ng anestisya
- ay maaaring mangailangan ng anestisya
- ay hindi mangangailangan ng anestisya

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa anestisya at mga peligrong kasama,

mangyaring sumangguni sa information sheet hinggil sa anestisya na binigay sa iyo. Talakayin ang anumang pag-aalala sa doktor/clinician.

Kung hindi ka pa nabigyan ng impormasyon hinggil sa anestisya, mangyaring humingi ng isa.

Ano ang mga peligro kung hindi mo gagawin ang 'procedure'?

Maaaring may kahihinatnan kung piliin mong hindi gawin ang iminungkahing procedure/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician.

Kung sakaling pinili mo na hindi gawin ang procedure, hindi mo kailangang pumirma sa kasulatang pahintulot.

Kung napirmahan mo na ang kasulatang pahintulot, mayroon kang karapatan na magbago ng isipan anumang oras bago gawin ang procedure/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon. Mangyaring kontakin ang doktor/clinician upang matalakay.



3. Mayroon bang mga alternatibo?

Sa paggawa ng desisyon na gawin ang 'procedure', kailangang maintindihan ng pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ang mga pwedeng pagpilian. Pakitalakay ang anumang alternatibong gamutan sa iyong doktor/clinician bago pirmahan ang kasulatang pahintulot.



4. Ano ang aking dapat asahan pagkatapos ng 'procedure'?

Ang iyong pangkat sa pangangalaga ng kalusugan (health care team) ang kakausap sa iyo sa kung ano ang aasahan mo pagkatapos ng 'procedure' at pagkalabas mo sa ospital.



5. Sino ang magsasagawa ng 'procedure'?

Ang doktor/clinician maliban sa consultant/specialist ay maaaring tumulong sa

pagsagawa ng angkop na klinikal na 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon.

Ito ay maaaring doktor/clinician na tumatanggap ng karagdagang pagsasanay, subalit lahat ng mga nagsasanay ay pinapangasiwaan batay sa angkop na mga propesyunal na patnubay.

Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa kung sinong doktor/clinician ang magsasagawa ng procedure, pakitalakay ito sa doktor/clinician.

Para sa layuning sumailalim sa propesyunal na pagsasanay dito sa ospital ng pagtuturo, ang mga klinikal na mag-aaral ay maaaring magmasid sa mga medikal na eksaminasyon o procedure at maaari rin, ayon sa iyong pahintulot, na tumulong sa pagsasagawa ng eksaminasyon o 'procedure' habang ang pasyente ay nasa ilalim ng anestisya.

Kung iyong pipiliin na huwag magbigay ng pahintulot, ito ay hindi makakaapekto nang masama sa iyong paggamit, kahihinatnan o karapatan sa gamutang medikal sa anumang paraan. Ikaw ay hindi obligado na magpahintulot sa eksaminasyon o procedure na isinasagawa ng mga klinikal na estudyante para sa layuning pagsasanay.



6. Saan ako maaaring makakuha ng suporta at karagdagang impormasyon?

Pangangalagang ospital: bago, kasalukuyan at pagkatapos ay makukuha sa website ng Queensland Health www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after na kung saan ay mababasa mo ang iyong mga karapatang pangkulusugan,

Makikita mo rin ang listahan ng mga gamot na pampalabnaw ng dugo sa www.health.qld.gov.au/consent/bloodthinner.

Ang mga kawani ay naroroon para suportahan ang mga pangangailangang pangkultura at pang-ispiritwal ng mga pasyente. Kung nais mo ng pangkultura o pang-ispiritwal na tulong, pakitalakay ito sa

doktor/clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga Aboriginal at Torres Strait Islander na mga pasyente ay makakaranas ng pinakamahasay na pangangalagang klinikal kung ang kanilang kultura ay kasama at bahagi sa paggawa ng desisyon.



7. Mga tanong

Pakitanong ang doktor/clinician kung mayroon kang hindi maintindihan sa anumang aspeto ng information sheet ng pasyente o kung mayroon kang ibang katanungan tungkol sa iyo/medikal na kundisyon ng pasyente, pagpipiliang paraan ng gamutan at ang iminungkahing 'procedure'/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon.



8. Kontakin kami

Kung emergency, tumawag sa Triple Zero (000).

Kung hindi naman emergency, ngunit mayroon kang pag-aalala, tumawag sa 13 HEALTH (13 43 25 84). 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.